

Prologue



Halos mabasag ang mga salamin sa isang kuwarta sa mansyon ng pamilya Anatolia nang may nakakabinging sigaw na umalingawngaw mula roon. Nabulabog ang buong bahay. Nagtakbuhan ang lahat patungo sa pinanggalingan ng komosyon.

Isang nagwawalang Catarina ang natagpuan sa kuwarta. Lumipad ang sapin ng kama nito at nahulog ang isang lamparang natabig nito nang magsisigaw.

“What’s the problem, Hija?” tanong ni Mabel sa pamangkin.

“I saw the girl again! She was standing at the foot of my bed! She was there!”

“But no one’s here! Guni-guni lang ’yan!” sagot ng matandang dalagang si Mabel. “Did you drink your medicine? Baka kasi hindi mo na naman ininom kaya nag-iilusyon ka na ng kung anu-ano!”

“I swear the girl was here!”

Inamo ni Yaya Conching ang alaga na tumahan. Ang katulong namang si Yna ay inabutan ng tubig ang amo.

Sanay na silang lahat kay Catarina. Noong anim na taong gulang ang babae, palagi itong nagkukuwento tungkol sa kaibigang ito lang ang

nakakakita. Nawala naman ang mga nakikita nito noong pumasok na sa eskwelahan, ngunit nitong tumuntong ng beinte años ay muli na namang nakakakita ng kung anu-ano.

May batang babae raw na galit kung makatingin na umaaligid dito.

Ang sinabi ng mga doktor, may sakit itong *schizophrenia* kaya kapag nagwawala ang dalaga ay tinuturuan ito ng pampakalma ng nurse para makatulong.

Huli na nang nakarating kay Franco ang tungkol sa pagwawala ng nakababatang kapatid.

Hindi naman siya umuwi para tingnan ito, kundi maaga lang natapos ang meeting nila nang araw na iyon at plano niyang matulog. Wala siyang tulog nang nakaraang gabi dahil tinapos niya pa ang proposal para sa isang brewery.

Kasabay niyang dumating ang isa nilang tiyahin, si Consor. Pareho na kasing patay ang kanilang mga magulang kaya ang mga tiyahin na ang tumitingin-tingin sa kanila.

“Narinig kong nagwawala na naman si Catarina?” sabi ni Consor.

Hikab ang sagot ni Franco.

Nakasalubong nila si Mabel, isa pa niyang tiyahin.

“Bakit hindi natin kunan ng espiritista o albularyo si Catarina?” sabi ni Consor dito. “Baka

nga naman at minumulto talaga.”

Sabay na napailing sina Franco at si Mabel.

“Catarina is sick! She already has a doctor tending her,” sagot ng binata.

Hindi siya iyong taong mahilig maniwala sa mga multo-multo.

“Pero who knows? Malay natin! Let’s give séance a chance,” patuloy ng tiyahin. “Baka sila ang makakapagaling kay Catarina!”

Si Mabel ay naiskandalo. “You’re out of your mind!” sabi nito sa nakatatandang kapatid bago tumalikod at lumakad palayo.

Tiningnan ni Consor ang pamangkin. “I’ll be bringing someone here. Kung ayaw n’yo, puwes, ako ang magbabayad. I want Catarina to be well and healthy. Hindi ’yung ganito!”

Walang sagot si Franco.



Chapter One



Peke siya! Pero bakit, may totoo ba talagang espiritista? Itataya ni Merlot ang kaliwa niyang binti kung may makakasalubong siyang totooong espiritista. Lahat iyon, arte lang!

Sa hirap ng buhay ngayon, lahat nangangailangan ng raket. Ito ngang Tiyong Getong niya ay kinikilalang batikang espiritista. Ang hindi alam ng lahat, matalino lang talagang itong manghula ng problema ng mga kliyente, idagdag pa ang galing sa pag-arte. Kapag sinasapian daw ay nagsasalita ang tiyuhin ni Merlot ng Latin, Griyego, Arabo at kung anu-ano pa at biling-bili iyon ng mga kliyente. Sino ba naman sa mga kliyente nito ang makakapagsalita ng mga ganoong lenggwahe? Basta ba marunong lang mag-iba ng diksyon at laki ng boses, Latin na.

Pero maloloka ang sinumang makakitang nag-aaktong sinasapian ang kanyang Tiyong Getong. Talo ang *The Exorcist* at *Conjuring*, lumilipad-lipad ito, bumabali-bali ang katawan at itinitirik ang mga mata para mas mukhang nakakatakot. Ang hindi nila alam, lumaki ang tiyuhin sa circus bilang contortionist.

Si Tiyong Getong na ang kinikilalang ama

ni Merlot, kapatid ito ng nanay niya at siyang bumuhay sa kanila nang lumuwas sila sa Maynila para iwan ang ama niyang wala nang ginawa kundi bugbugin silang mag-ina. Wala itong sariling pamilya kaya siya na ang tinuring na anak at tagapagmana ng ikinabubuhay.

Graduate siya ng kursong Nursing dahil pinaaral siya ng tiyuhin. Ang problema, halos isang taon na siyang nag-a-apply-apply ngunit wala talaga siyang mapasukan kaya sumasama-sama siya sa tiyo na magtaboy ng espirito. May alalay ito dati, si Tobal, kaso nga lang namatay sa saksak sa palengke.

Ngayon nga ay katatapos lang nilang mag-service sa isang Intsik na ginang na namatayan ng asawa. Wala namang naging aberya dahil walang masyadong tanong ang ginang. Mukhang ang gusto lang nito ay ang malaman kung minahal ba ito ng asawang wala nang ginawa kundi ang mangaliwa. Siyempre sasabihin nila kung ano ang gustong marinig ng kliyente. Limang libo ang binigay sa kanila ng ginang dahil nasiyahan ito nang sobra nang malamang minahal pala ito nang tunay ng asawang hindi lang marunong magpakita ng damdamin dahil lumaki umanong hindi rin nakatikim ng pagmamahal mula sa mga magulang.

Papauwi na sila at nakasakay sa jeep nang may tumawag sa tiyong niya sa telepono. Kliyente raw.

“S’abi ni Kumpareng James, sobrang yaman daw ’to!” kuwento sa kanya ni Tiyong Getong pagkatapos ang maikling pakikipag-usap sa phone. “Bukas daw agad ay pumunta tayo sa kanila para mapag-usapan natin.”

Dumerecho na sila ng uwi dahil gusto ng tiyong ni Merlot na alas ocho pa lang bukas ay nasa Tondo na sila.

Alas seis pa nga lang kinaumagahan ay papalabas na sila ng bahay para makapagbiyahe na. Nakatayo sila sa harap ng *Johanna Bakery* para maghintay ng jeep nang biglang may malakas na ingay na umalingawngaw. Nagsigawan ang iilang taong bumibili ng tinapay. Nagkagulo!

Sa isang iglap ay nakita na lang ni Merlot na nasa ilalim ng tricycle ang Tiyong Getong niya, nasagasaan ng lasing na driver na papauwi sana sa bahay para matulog.

“Merlot, dumerecho ka doon kay Pareng James! Sayang ang raket!” sigaw ni Tiyong Getong habang nakahandusay sa kalsada at duguan.

“Paano kayo?” kinakabahan at nag-aalalang aniya.

“Siguradong darating naman dito ang nanay mo!”

Hindi nga nagtagal ay humahagibis na dumating ang kanyang ina para alalayan ang nakatatandang kapatid. Siguro may kapitbahay

na nakakita at tumakbo rin agad para humingi ng tulong para sa kanila. Kinuha niya ang wallet ng Tiyong Getong niya para makakuha ng pera roon, pamasaha papuntang Tondo.

Napailing na lang si Merlot habang papasakay sa jeep. Walang katulad ang tiyuhin niya, nadisgrasya na ay raket pa rin ang nasa isip. Pagdating kina Pareng James ay tinanong siya ng kaibigan ng tiyuhin kung payag siyang sumama sa Nueva Ecija dahil doon daw ang bahay ng kliyente.

Pumayag siya kaya pinauwi siya ng lalaki para makapagbalot dahil bukas na bukas din ay lalarga na sila.



Mabuti na lang at mahilig sa balabal si Merlot kaya natakpan niya ang mahaba at kulot na buhok nang nagbiyahe sila papuntang Nueva Ecija sakay ang pickup truck ni Mang James. Tinanong nga niya ito kung makakarating ba talaga sila ng Nueva Ecija gamit ang sasakyan nitong halos matibag na.

“Nakaabot nga ito ng Davao sakay ng RORO,” sagot ng kaibigan ng tiyong niya.

Maniniwala na nga sana siya sa lalaki nang umusok ang sasakyan nito pagkatapos nang dalawang oras na pagtakbo.

“Tubig lang ’yan at konting kumpuni,” sabi nito habang nagbubuhos ng tubig at galaw-galaw ng mga piyesa.

At muli ngang tumakbo ang sasakyan nang walang naging aberya. Narating nila ang highway sa Nueva Ecija nang pasimulang bumababa ang araw. Pumasok sila sa isang bayan at huminto sa isang mansyon sa gilid ng simbahan.

Napatanga si Merlot dahil malaki talaga ang bahay at sobrang taas pa ng bakod. Mukhang takot na maakyat-bahay ang sinumang umuuwi roon. At sakto ang hula niya dahil ayon kay Mang James, congressman daw ang naninirahan sa malaking bahay.

Sinalubong sila ng isang eleganteng ginang na nanggangalang ‘Conzor’ sa isang magarang sala. Ang sabi ni Mang James, ito raw ang asawa ng congressman.

“You’ll be staying in my nephew’s place,” sabi ng ginang. “Ako ang magpapasuweldo sa ’yo, so dapat sa akin ka magri-report.”

Nagbigay ang ginang ng isang sobre kay Mang James at sinenyasan nito ang lalaki na puwede na itong umalis dahil hindi na ito kailangan.

Malapad naman ang ngiti na nagpaalam ang kaibigan ng Tiyong Getong niya.

Tinawag ng ginang ang driver at sumakay sila sa sasakyan nito para makapunta sa bahay ng pamangkin. Habang nasa sasakyan ay masinsinan siyang kinausap ng donya.

“Gusto ko, ireport mo sa akin kung ano ang

nangyayari sa pamangkin kong si Franco at sa nobya niyang si Grace. I will be honest with you about things. I hate that Grace girl! I don't care kung mahal man nga niya ang pamangkin ko o hindi. We heard her dad will run for congress next election. Tapos na rin ang three terms ng asawa ko, and we're thinking of fielding our son to politics. Should Franco end up marrying Grace, I got this feeling that he'd be financially supporting Grace's dad, dahil palagi silang hindi magkasundo ng anak ko."

Napakunot-noo si Merlot. Akala niya, pagiging espiritista ang raket niya rito? Bakit mukhang gagawin pala siyang espiya?

"Don't worry, I'll pay you well. Bahala ka kung palayasin mo ang demonyo na namamahay sa katawan ng lukaret kong pamangkin. I really don't care. I just want eyes and ears inside that mansion. Is that okay with you?" tanong ng ginang sabay abot ng sobre.

Tiningnan niya ang laman niyon. Tseke na may twenty thousand pesos na halaga.

"Downpayment pa lang 'yan," sabi ni Madame Consor habang tumatambad na sa kanilang paningin ang isang napakalaking bahay na nakatayo sa ibabaw ng burol. Doble ang laki niyon kumpara sa mansyon ng kanyang kasama.

Napanganga si Merlot sa gandang nakikita.

Madaya talaga sa Pilipinas! Paano naman naging ganito kayaman ang iba samantalang sa eskinita nila sa Maynila ay halos walang makain ang mga tao?

Pagbaba nila ng sasakyan ay bumuntot siya sa kasamang ginang. Muntik nga siyang matisod dahil inagaw ang paningin niya ng isang magarang fountain sa gitna ng Bermuda grass na kaharap. Mahilig kasi siya sa mga fountains. Gusto niya ang tunog ng nahuhulog na tubig, nakaka-relax kasi sa pakiramdam.

Kung magara ang mansyon ni Madame Consor, mas magara ang looban ng sa mga pamangkin nito mula sa oak pannelings at paintings, malalaking porselanang banga at magagarbong chandelier hanggang kaliit-liitang mga detalye. Kahit ang mga katulong ay unipormado at ang sahig ay kumikintab sa linis.

Tunog ng mga takong nilang dalawa ang tanging umalingawngaw sa mahabang hallway. Huminto sila sa isang pinto at pumasok sa silid kung saan naghihintay ang isa ring eleganteng ginang na kamukha ni Madame Consor at isang guwapong lalaking may madilim na mukha. Galit na nakatingin ang dalawa sa kanila.

“It’s for Catarina’s best,” sabi ni Madame Consor sa tono ng pag-aalalang hindi puwedeng pagdudahan.

Walang sagot ang dalawa.

Tahimik lang na tiningnan ni Merlot ang tatlo. Parehong malalamig ang hitsura ng mga ito. Ganoon ba talaga kapag sobrang yaman, dapat walang emosyon ang mukha?

Napatitig siya sa nag-iisang lalaki. Guwapo ito kaya hindi niya maiwasang titigan. Ngunit napatingin din ito sa kanya nang may pag-aanalisa kaya binaba na lang niya ang mga mata.

“How can you tell if she’s not fake?” tanong ng lalaki.

“I’d asked for the best séance in Manila, and my contact gave me her,” sagot ni Madame Consor. “I’ll leave her here. Kung puwede ’yong kuwarto na sa tabi ng kay Catarina ay ipaayos na para doon tutuloy si Merlot.”

“What?” tanong pa ng isang babae. “Isang araw lang ang pagpapalayas ng espiritu, bakit kailangan pang dito siya patitirahin?”

“Bakit? Malalaman mo ba kung kelan muling susulpot ang multo? Mas mabuting dito siya sa tabi ni Catarina para kung anong oras man bumalik ang multo na ’yan ay maitataboy ni Merlot.”

Kapwa napailing ang babae at ang lalaki.

Dinala siya ni Madame Consor sa ikalawang palapag at hinatid sa isang magarang kuwartong mas malaki pa kaysa sa pinagsasama-samang mga dampa sa buong eskinita nila sa Batasan.

“I’ll be sending a daughter of a friend.

Tulongan mo siyang mapalapit kay Catarina para makakadalaw siya dito araw-araw. I can’t do it at baka mahalata nila. Her name is Andrea and she’ll make a more suitable match for Franco, my nephew.”

“Opo,” ang tanging sagot ni Merlot.

“Siya, I’m going. Call me kapag may problema.”

Nagbigay ng calling card ang ginang bago lumabas ng pintuan. Napatayo si Merlot sa tapat ng bintana para tingnan ang view sa labas. Walang hanggang palayan ang kanyang nakikita sa ibaba ng burol. Totoo nga naman palang pinagkukunan ng palay ang Nueva Ecija. Dito rin galing ang kanyang lola kaso lumuwas ng Maynila ang buong pamilya nito pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pangdaigdig para makipagsapalaran kaya wala na rin siyang mababalikang kapamilya sa lugar na ito.

May kumatok at agad bumukas ang pinto.

“Bakit po?” tanong niya sa matandang nakauniporme. Mabait ang mukha nito at palangiti.

“Narinig kasi naming may kinuhang espiritista si Madame Consor. Gusto ka sanang makilala ni Catarina. Nandiyan siya sa kabilang kuwarto.”

Sumunod si Merlot sa katulong at sa kabilang kuwarto niya nakilala ang halos kaedad na dalaga. Mas matanda lang siya ng isang taon dito sa edad niyang twenty-two.

Hindi gaya ng mga kapamilya nito na may madidilim na mukha, sinserong ngiti ang makikita kay Catarina. Inaasahan nga niyang isang demonyita ang makikilala, pero nagulat siyang mukhang malayo ang pag-uugali nito sa mga kadugo.

“Gusto ko ’yang kutis mo,” sabi nito. “Morena pero ang kinis.”

“Sus... Ikaw naman,” sabi niya.

May hitsura ang dalaga dahil mestisahin kaso nga lang, medyo chubby ito. Yayain nga niya itong mag-jogging at mag-swimming sa pool sa likuran. Kaya siguro maraming nakikita dahil alas seis pa lang ay nakatihaya na sa kama.

Kapag walang masyadong magawa ang tao sa buhay nito, siguradong luluwag ang turnilyo sa ulo.

“Ano ba ang nakikita mo?” tanong ni Merlot para malaman ang problema.

Nalungkot si Catarina. “Sa ibang araw na lang natin pag-usapan. Masaya kasi ako ngayon dahil may bago akong kaibigan. I’ll tell you when I’m ready.”

“Okay,” patianod niya. “Jogging tayo bukas. Mukhang ang ganda ng lugar n’yo.”

“Titingnan ko kung makakagising ako nang maaga.”

“Gigisingin kita!” prisinta niya.

Ngumiti ang kausap.

Hindi na siya nakalabas ng kuwarto dahil marami silang pinagkuwentuhan—mga paborito nilang Koreanovela, ang mga nangyari sa kanya noong college, mga tsismis tungkol sa kapitbahay niya, at si Coco Martin. Pareho silang patay na patay sa nabanggit na aktor.



Chapter Two



Romantikong samba ang tinutugtog ng string quartet sa gilid ng restaurant. Nakakagutom na amoy ng keso at cilantro ang pumupuno sa paligid. Sa pinakadulong mesa, nakaupo ang magkasintahang sina Franco at Grace, at pinaguusapan ang pagkuha ni Consor ng espiritista.

“No way!” ani Grace. “I can’t believe Tita Consor did something like that.”

“Hindi ko nga alam kung saan napulot ng tita ko ’yon, eh. She looks young, parang mas bata pa kay Catarina.”

“Nakita mo na ba siyang gumawa ng séance?”

Umiling si Franco. “I left afterwards for Manila. Hindi ko na nakausap.”

“Ano ba’ng sabi ng psychiatrist tungkol kay Catarina?”

“Inumin niya ang mga gamot. Pero parang bata ’yon, ang sinungaling! Tinatapon lang ang mga pinapainom sa kanya. Minsan pinapasubo ko nga sa harap ko para siguraduhing maiinom.”

“Don’t you think you’re being hard on your sister?”

Hindi siya sumagot. Kung hindi niya gagamitan ng kamay na bakal ang kapatid, hindi ito gagaling.

Pagkatapos ng dinner ay niyaya na niya ang kasintahan sa kanyang pad. Hindi na siya pumayag sa imbitasyon nito na gumala pa sila dahil kailangan niyang gumising nang maaga kinabukasan.

Kinaumagahan, alas seis pa lang ay nakasakay na siya ng private chopper papuntang Nueva Ecija kasama ang kaibigang piloto na si Gael.

Bumili siya ng sariling helicopter para makatipid ng oras. Pera rin kasi ang oras. Papa-landing sila sa helipad ilang daang metro mula sa mansyon nang mahagip ni Franco ang kapatid na nag-jo-jogging sa labas ng bahay. Himala at gising ito nang ganoon kaaga. Kasama nito ang espiritista kuno.

Hindi siya pinansin ng dalawa nang nagkasalubong sila sa rampa papunta ng mansyon. Derechong nag-jogging lang ang mga ito.

Siniko siya ni Gael. “Sino iyong kasama ni Catarina? Mukhang panalo ang likod, ah!”

Kibit-balikat ang sagot niya pero napatingin din sa sa puwitan ng babae. Maumbok. Parang sa Latina ang hulma.

“Bangin’ body, man!” ani Gael.

Hindi siya nagbigay ng reaksyon.

Nagpahanda siya agad ng agahan para makakain muna sila ni Gael bago pumunta sa kiskisan dahil may aayusin siyang malaking order

ng palay mula sa Visayas. Bumaba naman ang kapatid, kasama ang espiritista.

“Himala at hindi ka nagpahatid ng pagkain sa kuwarto mo,” sabi ni Franco sa kapatid sabay bigay ng may disgustong tingin. Nabubuwisit nga siya minsan sa pagkatamad nito.

“Mukhang masarap kasing kumain na may kasamang friendship,” sagot ni Catarina.

“Mukhang maganda si Friendship, ah,” puna ni Gael.

“She does séance,” pagmamalaki ng kapatid.

“Oh, my... nakita na ba niya ang multo mo, Catarina?” Tumawa ang huli sa tanong na iyon ng piloto niya. “At nakakapanibago, pinagtatawanan mo na lang ngayon ang multo mo. Dati, gumugulong-gulong ka pa nga sa iyak, eh.”

“Sinabihan ko siyang huwag magpaapekto. Sus, multo lang ’yon ’noh,” sabad naman ng espiritista.

“I’m not yet ready,” ani Catarina. “I’ll tell her if I’m ready to face her, then, we’ll do the séance.”

“Sabihin mo, inumin mo kasi ang gamot mo,” sambit ni Franco sa nakababatang kapatid.

“Bakit ba kasi pinagpipilitan n’yo na sira-ulo ako?” Tumaas ang boses ng dalaga. Biglang napawi ang magandang mood sa mukha nito. Hindi nagtagal ay tinapon nito ang kutsara’t tinidor sa mesa at tumakbo papuntang hagdanan.

Ang espiritista ay hindi rin nagpahuli. Tinaasan

siya nito ng kilay bago lumayo sa hapag-kainan para mapuntahan si Catarina.



“Oy, tahan na,” sabi ni Merlot kay Catarina.

“You have no idea how shit this life is!” iyak ng babae habang nakahiga sa kama nitong kasya ang buong pamilyang may lima katao sa laki. “You just have no idea!”

Umiling siya. “Wala namang perpektong buhay, eh. Buti nga sa ’yo, ganyan lang. Akin nga dati binubugbog ako ng tatay ko. Pero kiber! Bakit naman ako magpapaapekto buong buhay ko?”

“Hindi mo ’ko maiintindihan dahil hindi mo nadaanan kung ano ang nadaanan ko sa lahat dito,” patuloy nito.

“Palawakin mo kasi ang buhay mo. Lumabas-labas ka. Mag-boyfriend, tumambay doon sa kanto. Alam mo kung abala ka lang, kahit ’yang multo-multo na ’yan, hindi mo na mapapansin ’yan.”

Hindi nakasagot ang babae.

“Bihis ka ha. Hintayin kita sa baba,” bilin ni Merlot sabay takbo patungo sa kanyang kuwarto. Nagsuot siya ng pantalon at pulang T-shirt at pinaresan niya ng malaking dangling na hikaw at bandana sa ulo. Pagkatapos maglagay ng mascara at blush on ay bumalik siya sa kuwarto ni Catarina. Nakabihis na rin ito ng itim na T-shirt at pantalon.

“Grabe ’yang mga hikaw mo, panalo palagi!”

komento nito.

Pagbaba nila sa living room ay pinatawag ng kasama ang driver para makapunta sila sa bayan.

“Huwag na!” sabi ni Merlot. “Maglakad tayo papunta sa bayan.”

Nagbigay ng hindi makapaniwalang tingin si Catarina sa bagong kaibigan.

“Akala mo lang malayo pero kapag nasanay kang maglakad, malalaman mong malapit lang pala. Sus, naglalakad nga ako nang isang oras mula sa bahay namin papuntang eskwelahan para makatipid na, sexy pa. Halika na!”

Wala nang nagawa ang isa kundi ang bumuntot. Bumaba sila ng burol na pinag-uusapan uli nila si Coco Martin habang kinikilig at naghahalakhakan.

Sa tingin niya, mukha namang walang sakit sa pag-iisip si Catarina kabaligtaran ng sinasabi ng kuya nito. Okay naman kasi ito kung kausap. Baka kasi nagpapansin lang sa pamilya kaya gumagawagawa ng drama na may nakikitang multo.

May nakasabay pa nga silang magtataho habang pababa mula sa burol. Bumili sila rito ng tig-isang baso at nakipagtsikahan. Malapit-lapit din daw ang dampa nito sa mansyon. Pagdating sa patag ay lumiko sa kaliwa ang magtataho para dumerecho sa eskwelahan habang kumanan naman sila papunta sa plaza.

“Sa totoo lang, guwapo ’yung kuya mo ha,”

walang pakundangang sambit ni Merlot nang naubos nila ang topiko.

“Eww!” sabi ni Catarina. “Ang haba ng ilong!”

“Mahal ka n'on!” ang tangi niyang nasabi dahil tumunog ang cellphone niya.

Si Madame Consor Baldivino ang nag-text. *‘Punta ka sa bahay. Dalhin mo si Catarina.’*

Nag-reply na lang siya ng, ‘Ok.’

“Sino ba mas mabait? Si Tita Consor mo o si Tita Mabel?” tanong niya para malaman ang totoo. Minsan nakakasalubong niya ang huli sa mansyon at parang nang-aanalisa ito palagi kung makatingin.

“Pareho lang,” anang kausap.

Sa bahay nina Madame Consor sila unang pumunta at nandoon nga ang gustong ipakilalang dalaga sa kanila ng ginang—si Andrea.

“Hello!” bati ng huli kay Catarina sabay bigay ng beso-beso. “What a pretty girl you are.”

Walang reaksiyon ang kasama niya, pero si Andrea ay hyper. Inimbita sila nito na kumain sa isang restaurant malapit sa munisipyo. Sumama naman sila, pati si Madame Consor. Tahimik silang kumain habang nagkukuwento si Andrea tungkol sa mga achievements nito sa Norway.

In fairness, parang ito na ang pinakamagandang babaeng nakita niya. Ang tangos at ang liit ng ilong at ang mga pilik sa mata ay ang hahaba. Mukhang

Bombay, maputi nga lang ang kutis. Matangkad pa.

Si Madame Consor nga ay hangang-hanga. Imbis na achievements ni Franco ang ipagmalaki kay Andrea, achievements ng anak nito na si Reuben ang binabanggit. Mukhang nagdalawang-isip ito kung sa anak ba o sa pamangkin irereto ang dalaga.

At hindi lumaon ay dumating si Reuben. Siguro na-text ito ng ina para pumunta.

Pinakilala ni Madame Consor ang anak kay Andrea. “He’s going to be the next congressman here,” sabi pa nito.

“Wow!” excited na ani Andrea.

“We’d met already,” ani Reuben sa ina habang tinitingnan nang walang interes si Andrea. Tumingin ito kay Catarina. “Miracle of all miracles, you’re out of bed!” Saka ito napatingin kay Merlot at binigyan siya ng malanding tingin. “I didn’t know you have hot friends? Naalala ko, may dinala ka dati na friend dito from college, ’yong babaeng walang buhok.”

“May *alopecia* ’yon kaya gan’on,” paliwanag ni Catarina habang nagtatapon ng nakamamatay na tingin.

Si Madame Consor naman ay binigyan din ng nakamamatay na tingin sa anak nang makita ang malagkit na tingin ng binata sa kanya.

Umupo sa tabi niya ang huli. Kamukha rin ito ni

Franco bagaman mas maputi at mas palangiti. “I’m Reuben,” sabi nito sabay abot ng kamay.

“Merlot,” sagot niya saka abot din ng palad.

Naimbyerna si Madame Consor. Binigyan din siya nito ng matalim na tingin.

Si Catarina naman, pagkatapos kumain ay nagpasyang umalis na sila.

“Okay, see you the day after tomorrow!” paalam ni Madame Consor. Mukhang gusto na talaga nitong pauwiin na sila.

“Bakit naman? Dito muna kayo,” pigil naman ni Reuben.

Pero dumerecho na sila sa pintuan at gumala nang gumala hanggang sa napunta sa palengke.



Kailangang puntahan ni Franco si Mang Indong, ang ahente niya na bumibili ng palay sa buong probinsya at sa kabila. Kailangan na niyang maiayos ang order na iyon ngayong linggo para maharap na rin niya ang problema sa iba nilang negosyo.

Sakay ng kotse ay nag-drive siya patungo sa palengke mula sa kiskisan. Sa puwesto kasi ng asawa nito palaging nakatambay si Mang Indong kapag walang lakad.

Iniwan niya ang sasakyan sa labas at naglakad papunta sa puwesto ni Aling Medeng. Kinakawayan niya si Mang Indong nang mahagip ng mata niya

ang kabilang puwesto kung saan bukod sa mga tindang gulay at packed goods, ay may dalawang mesa ng mahjong. Nandoon si Catarina at ang espiritista na tutok na tutok sa kalalaro ng mahjong kasama ng kolektor ng palengke at ng lasenggong si Nenok.

Kinausap niya muna si Mang Indong bago lumapit sa mesa ng mga nagma-mahjong.

“Uwi!” utos ni Franco sa dalawa.

“Hi, Sir!” sabay na bati ng kolektor at ni Nenok.

Nagtagpo ang mga kilay ni Catarina. “Minsan nga lang ako nag-e-enjoy, pagbabawalan pa!”

“Uwi!” ulit niya sa pinakaseryosong boses.

Alam ng lahat na kapag ganito na ang kanyang tono, dapat huwag na siyang suwayin, o makikita nila ang bagsik niya.

Tinumba ni Catarina ang mga dice nito kaya natigil ang lahat sa kalalaro, kahit sa kabilang mesa. Tumayo ito at naglakad palabas ng lugar na iyon. Sumunod din ang espiritista.

Inaasahan niyang sasakay sa kotse niya ang dalawa, ngunit naglakad lang ang mga ito. Pinaandar niya ang sasakyan at inutusan ang dalawa na pumasok, ngunit hindi siya pinansin.

Pinaharurot na lang ni Franco paakyat ng burol ang sasakyan para roon hintayin ang dalawa. Isang oras siyang naghintay bago sinabihan ng katulong na dumating na ang mga ito. Pinatawag niya ang

kapatid pero ayaw siya nitong kausapin. Pinatawag niya ang espiritista, dumating naman.

“Bakit mo dinala si Catarina sa mahjong-an?” Sinigurado niyang mahahalata ng babae ang matindi niyang pagkadisgusto sa nakita.

“Eh, kesa gumulong-gulong po sa kama niya, mas mabuting makipag-socialize ang kapatid ninyo para naman may makausap. Change atmosphere po ba.”

“I don’t like seeing women gambling.”

Nagbigay ng hindi makapaniwalang tingin ang espiritista. “Ibig n’yo po bang sabihin, sa lalaki lang puwede ang mahjong? Ngayon lang po ako nakarinig niyan. Lalaki po at babae ang nagma-mahjong doon sa amin.”

Napailing si Franco. Ewan kung saan nadampot ng tiyahin ang babaeng ito. “Imbis na mag-mahjong kayong dalawa, bakit hindi mo na umpisahang palabasin ang multo sa bahay na ’to?”

“Hindi ko po puwedeng pilitin si Catarina. S’abi niya po, hindi pa siya handa.”

“What nonsense!” hindi napigilang sabi ng binata.

Taas ng kilay ang sagot ng babae, ngunit binaba rin nito agad nang mapansing nakatingin siya sa kilay nito.

Itapon niya kaya ang babaeng ito sa labas ng bintana?

“May kailangan pa po ba kayo?”

Hindi sumagot si Franco.

Tumayo naman ang espiritista at lumabas ng silid.

Kakausapin niya ang kapatid mayamaya. At kakausapin niya rin ang Tita Consor niya para paalisin na ang espiritista dahil masamang impluwensya lang ito. Isa pa, mukhang hindi naman nito ginagawa ang trabaho. Nagiging yaya lang ni Catarina, gayong may yaya naman ang delingkwente niyang kapatid.

Tinapos niya munang pag-aralan ang report ng share nila sa isang mining company sa Mindoro bago lumabas ng silid at umakyat sa second floor kung saan naroon ang kuwarta ni Catarina.

Itutulak niya sana ang pinto ngunit napatigil para makinig sa pinag-uusapan ng kapatid at ng espiritista.

“Hala, nagti-text sa akin si Reuben, l’abas daw tayong tatlo,” sabi ni Catarina. “Mukhang crush ka n’on.”

Wala siyang narinig na reaksiyon mula sa espiritista.

“Hala, magiging nanay mo si Tita Consor!” At tumawa si Catarina, isang bagay na hindi nagawa ng kapatid sa loob ng mahabang panahon. “Mahadera ’yon!”

Tumawa rin ang espiritista. “Nakita mo ’yong

reaksyon ng Tita Consor mo kanina nang nilandi ako ni Reuben.”

“Patulan mo kasi at tingnan natin kung paano siya ma-heart attack.”

“Ayaw ko nga! Kuya mo na lang ang papatulan ko para tingnan natin kung ma-heart attack ka rin.”

“Eww! Ang panget kaya n'on!”

“Oy, ha, guwapo ang kuya mo! Kung papipiliin ako kung si Coco Martin o 'yong kuya mo, kuya mo na lang dahil mas mayaman siya,” tawa nito.

“Coco forever!” sigaw ni Catarina.

“Franco, ano'ng ginagawa mo diyan?” tanong mula sa gilid niya.

Hindi niya inakalang dumating si Tita Mabel. Nitong mga nagdaang araw, nasa kuwarto na lang ito palagi dahil sa rayuma.

“Ahh, wala,” sabi niya sabay alis.

Bumalik si Franco sa study at tinawagan si Tita Consor para paalisin ang espiritista kasunod ng sumbong na dinala nito si Catarina sa mahjong-an.

“Alam mong ang kailangan ng kapatid mo ay kaibigan,” sagot sa kabilang linya. “Kita mo, simula noong dumating diyan si Merlot, wala nang drama ng multo-multo d'yan. Let the two of them have fun. All that Catarina needs is a friend!”

Hindi na siya sumalungat. Totoo nga naman. Ngayon ay tumatawa pa ang kapatid.

Pagtiisan na lang muna niya ang Tita Consor

niya at ang espiritista. Titingnan na lang niya ang mga susunod na mangyayari.

